

## Programa ng Gawad sa Pagbawi ng Maliit at Katamtamang Laki na Negosyo (Small and Medium Sized Business Recovery Grant Program)

---

Ang programa ng Gawad sa Pagbawi ng Maliit at Katamtamang Laki na Negosyo ay nagbibigay ng mga ganap na pinondohang gawad sa mga negosyo upang matiyak na sila ay mayroon ng suportang kailangan nila sa panahon at lampas sa COVID-19.

Ang mga aplikasyon ay sarado na ngayon.

Huling pinabago: **Hulyo 2, 2021**

Sa pahinang ito:

- Ang mga aplikasyon ay sarado na ngayon
- Repasuhin ang iyong aplikasyon
- [Paano gumagana ang aplikasyon](#)
- Pamantayan sa Pagsusuri
- [Pagkukumpleto ng iyong plano sa pagbawi](#)
- [Magagamit na pagpopondo](#)
- [Paano gagamitin ang iyong pagpopondo](#)

---

### Ang mga Aplikasyon ay sarado na ngayon

Ang paggamit para sa programa ng Gawad sa Pagbawi para sa Maliit at Katamtamang Laking Negosyo ay nagsara ng alas 11:59 ng gabi noong Hulyo 2, 2021.

#### Isinasagawang mga aplikante

Kung nag-apply ka sa programa bago mag-alas 11:59 ng gabi noong Hulyo July 2, 2021:

- Ang iyong aplikasyon ay rerepasuhin sa ayos na natanggap ito
- Ang kawani ng gawad ay makikipag-ugnay sa iyo kung mayroon silang mga katanungan o kailangan ng karagdagang impormasyon
- Ang oras ng pagpoproseso ng aplikasyon ay inaabot ng hanggang 8 linggo para sa mga kumpletong aplikasyon
- Ang mga hindi kumpletong aplikasyon ay makakapag-antala sa oras ng pagpoproseso at mga pagbabayad

- May dalawang mga hakbang sa proseso – ang mga karapat-dapat na negosyo ay aanyayahan na magkumpleto ng isang plano sa pagbawi
- Makakatanggap ka ng desisyon sa gawad sa pamamagitan ng email
- Ang pondo ay ipamamahagi sa loob ng 4 na linggo ng desisyon sa gawad

## Repasuhin ang iyong aplikasyon

Ang mga aplikasyon ay nagsara ng alas 11:59 ng gabi noong Hulyo 2, 2021. Repasuhin ang iyong isinasagawang aplikasyon.

Pag-login sa aplikasyon

## Paano gumagana ang programa

Ang mga gawad na \$10,000 hanggang \$30,000 ay magagamit ng maliliit at katamtamang laking mga negosyo sa B.C. na naapektuhan ng COVID-19. Ang karagdagang \$5,000 hanggang \$15,000 gawad ay magagamit ng mga negosyong nauugnay sa turismo.

Ang programa ay nagsara ng alas 11:59 ng gabi noong Hulyo 2, 2021.

## Proseso ng Aplikasyon

Ang mga negosyo ay mag-aaplay para sa pagpopondo sa online.

Ang mga negosyo na nag-apply para sa pagpopondo at ay karapat-dapat ay hihilingan na bumuo ng isang plano sa pagbawi. Ang mga propesyunal na tagapagbigay ng serbisyo ay makukuha upang matulungan ang mga negosyo sa plano sa pagbawi kung kinakailangan. Ang karagdagang impormasyon ay makukuha sa aplikasyon.

Sa sandali na ang iyong plano sa pagbawi ay naisumite at narepaso, ang mga inapubahang negosyo ay makakatanggap ng gawad na pagpopondo para sa kanilang plano.

Maaaring hilingin sa mga negosyo na magbigay ng impormasyon at dokumentasyon tungkol sa iyong mga pagsisikap sa pagbawi at kung paano ginamit ang gawad na pagpopondo.

## Mga pagsasaalang-alang sa pagsusuri

### Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat

#### **Batayang gawad**

Ang isang negosyo ay dapat na matugunan ang **lahat** ng pamantayan sa pagiging karapat-dapat upang makatanggap ng isang batayang gawad.

#### **Pamantayan sa pagiging karapat-dapat**

- Ang karamihan sa bahagi ng negosyo ay pag-aari ng isa o higit pang mga residente ng B.C.
- Ang negosyo ay tumaktakbo sa B.C. ng hindi bababa sa 18 mga buwan sa petsa ng inyong aplikasyon sa programa ng gawad na ito
- Ang tangi o pangunahing mga operasyon ng negosyo ay matatagpuan at isinasagawa sa B.C.
  - Ang negosyo ay nakarehistro sa B.C.
  - Ang negosyo ay pangkasalukuyan at nagbabayad ng mga buwis sa B.C.
  - Ang negosyo ay kasalukuyang tumatakbo (Ang mga negosyo na pana-panahon o pansamantalang nakasara ay karapat-dapat din)
- Ang negosyo ay nag-eempleyo ng hanggang 149 na mga tao sa B.C. para sa hindi bababa sa apat na mga buwan ng taon ng kalendaryo
  - Kasama dito ang mga negosyo na may mga empleyado o kinontratang kawani bago ang Pebrero 1, 2020
  - Para sa mga negosyong walang kawani, mangyaring sabihin sa amin sa inyong aplikasyon kung paano susuportahan ng gawad na pagpopondo ang inyong pagbawi at benepisyo sa inyong komunidad.
- Ang negosyo ay may positibong pagdaloy ng salapi para sa huling pampinansiyal na ulat, bago ang Pebrero 1, 2020
- Ang negosyo ay nagkaroon ng hindi bababa sa 30% na pagkawala ng kita mula Marso 2020 hanggang sa kasalukuyan kapag inihambing sa parehong isang-buwang panahon noong 2019
- Ang pagmamay-ari ng negosyo ay hindi naghanda para sa pagsasara ng negosyo, pagkalansag o para sa pagbebenta kasunod ng Pebrero 1, 2020

\*Ang mga pana-panahong negosyo ay dapat magbigay ng may kaugnayang impormasyon sa kanilang espesipikong siklo ng negosyo.

### **Mga negosyong turismo**

Ang mga negosyong nauugnay sa turismo ay maaaring maging kwalipikadong tumanggap ng hanggang \$15,000 na karagdagang pagpopondo kung ang mga ito ay karapat-dapat para sa batayang gawad at natutugunan ang pamantayan sa kinakailangang karagdagang gawad sa turismo.

## **Pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa kinakailangang karagdagang gawad sa turismo**

Ang mga negosyong nauugnay sa turismo ay ang mga negosyong nagsisilbi sa mga taong naglalakbay at nananatili sa mga lugar sa labas ng kanilang karaniwang kapaligiran para sa hindi hihigit sa isang magkakasunod na taon para sa paglilibang, negosyo at iba pang mga layunin. Ito ay batay sa depinisyon ng turismo mula sa [Statistics Canada](#).

Maaaring kabilang sa mga negosyo sa sektor ng turismo ang:

- Transportasyon
- Tuluyan
- Mga serbisyo ng pagkain at inumin
- Libangan
- Mga serbisyong pang-aliwan
- Mga serbisyo sa pagbibiyahe

Kasama sa tuluyan ang:

Mga hotel

- Mga bahay-panuluyan (Inns)
- Mga tuluyan (lodges)
- Mga lugar ng kamping
- Mga paupahang sasakyan na panlibangan
- Ibang mga katulad na serbisyo

Hindi kasama sa tuluyan ang:

- Pangmatagalang pananatili
- Mga apartment
- Mga condominium sub-lease
- Mga pag-aayos sa pananatili sa bahay
- Mga paupahang bakasyon

## Mga Kinakailangang Dokumento

**Tandaan:** Ang mga dokumento ay dapat na mayroong mga pangalan at ibang personal na maaaring nagpapakilalang impormasyon na binago kung saan hindi pinahihintulutan ang negosyo na magbahagi.

Ang mga pana-panahong negosyo ay dapat magbigay ng impormasyon na may kaugnayan sa kanilang espesipikong siklo ng negosyo.

Kasama sa mga pribadong pag-aaring negosyo kabilang ang nag-iisang pagmamay-ari at mga pakikipagsosyo ang:

- T1-T2125 Pahayag ng Negsosyo o mga Propesyunal na Aktibidad na nagpapakita ng porsiyento ng pagmamay-ari
- Nakalipas na 24 na mga buwan ng aktwal na buwanang kita (18 mga buwan para sa mga negosyong nagpapakita ng mas mababa sa 24 na mga buwan). Mangyaring isama ang kita para sa bawat buwan nang magkahiwalay. Tingnan ang halimbawa sa ibaba:

Buwan	Kita
Enero 2019	\$##,###
Pebrero 2019	\$##,###
Marso 2019	\$##,###
...	...
Disyembre 2020	\$##,###

- Mga pagsasauli ng buwis ng negosyo (tax returns) mula sa huling dalawang taon ng pag-uulat 2018 (kung naaangkop) at 2019, espesipiko ang:
  - Mga Abiso ng Pagtatasa (Notices of Assessment)
  - Ang unang seksyon ng T1 return ng may-ari (Form 5010-R)
  - T2125 Pahayag ng Negosyo o mga Propesyunal na Aktibidad
- Kung naaangkop, mga dokumento ng payroll mula Setyembre 1, 2019 hanggang sa ngayon. Ang mga dokumento ay dapat magpakita ng bilang ng mga residente ng B.C. na na-employo o naka-subcontract kasama ang mga inisyal, lungsod, sahod, at mga pagbabawas para sa bawat empleyado, kung naaangkop. **Isama ang isa sa mga sumusunod:**
  - T4 na Pahayag ng Kabayaranang Ibinayad (Statement of Remuneration Paid)

- PD7A Payroll filing na mga dokumento
- Payroll o cheque run

#### Mga Korporasyong negosyo isama ang

- Rehistro ng kasosyo o Sertipiko ng Pagsasama (Certificate of Incorporation) na dapat na espesipikong kasama ang lungsod kung saan matatagpuan ang mga kasosyo. **Isama ang isa sa mga sumusunod:**
  - Rehistro ng Sentral na Seguridad (Central Securities Register)
  - T2-Schedule 50 na Impormasyon ng Kasosyo
- Kasalukuyang taon pati na rin ang mga pampinansiyal na ulat ng dalawang mga naunang taon kabilang ang:
  - Pilyego ng Balanse (Balance Sheet)
  - Pahayag ng Kita (Income Statement)
  - Pahayag ng mga Pagdaloy ng Salapi [Statement of Cash Flows (kung magagamit)]
- Nakalipas na 24 na mga buwan ng aktwal na buwanang kita (18 buwan para sa mga negosyong tumatakbo ng mas mababa sa 24 na buwan). Mangyaring isama ang kita para sa bawa't buwan nang magkahiwalay. Tingnan ang halimbawa sa ibaba:

Buwan	Kita
Enero 2019	\$##,###
Pebrero 2019	\$##,###
Marso 2019	\$##,###
...	...
Disyembre 2020	\$##,###

- Mga pagsasauli ng buwis ng negosyo (tax returns) mula sa huling dalawang taon ng pag-uulat 2018 (kung naaangkop) at 2019, espesipiko ang:
  - Mga Abiso ng Pagtatasa (Notices of Assessment)
  - Ang unang seksyon ng T2 return (unang siyam na mga pahina)

- Kung naaangkop, mga dokumento ng payroll mula Setyembre 1, 2019 hanggang sa ngayon. Ang mga dokumento ay dapat magpakita ng bilang ng mga residente ng B.C. na na-empleyo o naka-subcontract kasama ang mga inisyal, lungsod, sahod, at mga pagbabawas para sa bawa't empleyado. **Isama ang isa sa mga sumusunod:**
  - T4 na Pahayag ng Kabayaranang Ibinayad (Statement of Remuneration Paid)
  - PD7A Payroll filing na mga dokumento
  - Payroll o cheque run

[I-download ang Listahan ng mga Kinakailangang Dokumento \(PDF, 72KB\)](#)

## Kumpletuhin ang iyong plano sa pagbawi

Ang plano sa pagbawi ay isang listahan ng mga espesipikong aksyon na maaaring gawin ng iyong negosyo upang suportahanang patuloy na pagpapatakbo sa ilalim ng “bagong normal” na mga kundisyon ng COVID-19. Ito ay dapat na makatotohanan at madaling ilagay sa lugar at dapat na magpaliwanag ng talaorasan para makumpleto ang gawain kasama kung paano magkano ang magiging gastos sa bawa't aksyon.

### Mga Pagpipilian sa pagkumpleto ng iyong plano sa pagbawi

Kung matugunan ng iyong aplikasyon ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat, ikaw ay magkakaroon ng ilang mga pagpipilian upang kumpletuhin ang iyong plano sa pagbawi:

1. Itutugma ka ng [Small Business BC \(Maliit na Negosyo ng BC\)](#) sa isang tagapagbigay ng propesyunal na serbisyo upang ihanda ang iyong plano sa pagbawi (pinondohan ng pamahalaan hanggang \$2,000 na ibabayad sa tagapagbigay ng serbisyo)
2. Maaari kang maghanda ng iyong plano sa pagbawi na may pagpipilian na gamitin ang iyong sariling tagapagbigay ng propesyunal na serbisyo. Mangyaring tandaan:
  - Kapag ginamit mo ang iyong tagapagbigay ng serbisyo, sila ay dapat na magparehistro at kumpirmahin ng Small Business BC (Maliit na Negosyo ng BC) sa [pahina ng mga pagpapahayag ng interes upang makatanggap ng pagpopondo](#) (pinondohan ng pamahalaan hanggang sa \$2,000 na ibabayad sa tagapagbigay ng serbisyo)
  - Kung ikaw ay hindi gagamit ng isang tagapagbigay ng serbisyo o gagamit ng isang hindi nakarehistro ang pagpopondo ay hindi ibibigay

Ang isang propesyunal na tagapagbigay ng serbisyo ay dapat na:

- Sertipikadong Bookkeeper na nasa mabuting katayuan sa CPBCAN

- Sertipikadong Propesyunal na Tagapagplano ng Pananalapi [Certified Professional Financial Planner (CFP)]
- Nagsasanay na Abogado na nasa mabuting katayuan sa Samahan ng Batas ng B.C. [Law Society of B.C.]
- CPA na nasa mabuting katayuan sa CPA ng B.C.

Ang mga isinumite na plano sa pagbawi ay susuriin. Kung naaaprubahan ang iyong plano sa pagbawi, ang gawad na pagpopondo ay ibibigay.

[I-download Template ng Plano sa Pagbawi \[Recovery Plan Template \(PDF, 997KB\)\]](#)

## Magagamit na pagpopondo

Ang mga gawad ay ganap na pinondohan. Ang gawad at kinakailangang karagdagan sa turismo ay sumasailalim sa pagtugon ng iyong negosyo sa pamantayan ng pagiging karapat-dapat at pagbubuo ng plano sa pagbawi na makukumpleto mo.

Ang negosyo ay kailangan lamang na magbayad pabalik ng pagpopondo kung:

- Ang anumang impormasyon na kanilang isinumite ay hindi totoo
- Hindi nila isinagawa ang kanilang plano sa pagbawi o
- Ginamit nila ang mga pondo para sa mga layunin na hindi karapat-dapat sa ilalim ng programa

### Batayang gawad, batay sa taunang kita

Taunang kita bago ang COVID*	Halaga ng gawad
Hanggang sa \$100,000	\$10,000
\$100,001 hanggang \$1,000,000	\$15,000
\$1,000,001 hanggang \$2,000,000	\$20,000
\$2,000,001 hanggang \$3,000,000	\$25,000



### Batayang gawad, batay sa taunang kita

Taunang kita bago ang COVID*	Halaga ng gawad
Mahigit sa \$3,000,000	\$30,000

\*Bago ang COVID ay ang panahon bago ang Pebrero 1, 2020.

### Ang kinakailangang karagdagang gawad sa turismo, batay sa bilang ng mga empleyadong residente ng B.C. na na-empleyo o nakakontrata

Bilang ng mga na-empleyong residente ng B.C. bago ang COVID	Halaga ng kinakailangang karagdagang gawad
0 hanggang 1	\$5,000
2 hanggang 4	\$10,000
5 hanggang 149	\$15,000

## Paano gagamitin ang iyong pagpopondo

Ang pagpopondo ay maaaring gamitin upang isagawa ang mga aksyon na nakilala sa iyong plano sa pagbawi. Halimbawa, maaari kang magmungkahi na:

- Magbigay ng mga bagong serbisyo sa iyong mga kostumer
- Baguhin ang pisikal na lokasyon ng iyong negosyo
- Magkabit ng bagong panlabas na patio na may mga harang para sa panlipunang pagdidistansiya
- Suportahan ang paglilipat ng iyong negosyo sa online
- Umupa ng isang online na serbisyo sa pagmemerkado na nakabatay sa B.C.

- Pag-iba-ibahin ang iyong negosyo upang maabot ang mga bagong kostumer o mag-alok ng mga bagong serbisyo (Hal. paghahatid, bagong mga pakete sa paglilibot, mga bagong produkto)
- Bumili ng kagamitan upang suportahan ang isang pagbabago o pagpapabuti sa iyong mga paninda o mga serbisyo
- Magbayad para sa renta, pag-upa, o ibang mga nakapirming gastos
- Ibang mga aksyon na sumusuporta sa pagbawi ng iyong negosyo

Maaari kang magsama ng mga aksyon sa iyong plano sa pagbawi na ginawa ng iyong negosyo mula nang magsimula ang programa noong Setyembre 17, 2020.

Halimbawa:

- Kung ikaw ay naglagay ng mga harang na plexiglass noong Setyembre 20, 2020, ang aksyong ito ay karapat-dapat para sa pagbabayad at maaaring idagdag sa iyong plano sa pagbawi

#### Sample Na Plano sa Pagbawi

<b>Aksyon sa Pagbawi</b>	<b>Mga Linggo/mga Buwan upang Makumpleto</b>	<b>Tinatayang Gastos</b>
Nagkabit ng mga plexiglass na panlipunang harang noong Setyembre 20, 2021. Ang mga kopya ng resibo ay nakakabit.	2 linggo	\$5,432.26
Renta mula Oktubre 2020 hanggang Hunyo 2021. Ang kopya ng pag-upa ay nakakabit upang ipakita kung magkanong renta ang binayaran namin.	9 na buwan	\$9,000.00
Umupa ng isang batay sa B.C. na online na serbisyo sa pagmemerkado.	6 na buwan	\$6,000.00

## Kailangan ng tulong?

Para sa pangkalahatang impormasyon, ang tulong ay magagamit Lunes hanggang Biyernes mula alas 9:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon Oras ng Pasipiko, maliban sa mga pista opisyal.

Telepono: [1-833-254-4357](tel:1-833-254-4357)

Email: [BusinessRecoveryGrantProgram@gov.bc.ca](mailto:BusinessRecoveryGrantProgram@gov.bc.ca)